Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
**DEPED TAGBILARAN CITY SCHOOLS DIVISION**
City of Tagbilaran

May 30, 2018

Division Memorandum
No. 291, s. 2018

**6TH DIWANG SAGISAG KULTURA COMPETITION AND FESTIVAL**

To: All Public and Elementary and Secondary School Heads
Elementary and Secondary Events and Culture Coordinators
SPA Coordinators/Teachers
All Other Concerned

1. Attached is DepEd Regional Memorandum No. 0171, s. 2018; re: Philippine Cultural Education Program: 2018 Program Components and Regional Memorandum No. 0378, s. 2018 re: 6th Diwang Sagisag Kultura Competition and Festival.

2. For details, refer to the attached communication, program, guidelines and enclosures.

3. Immediate dissemination of and compliance with this Memorandum is desired.

**VIRGINIA C. ZAPANTA, Ed.D., CESO V**
Schools Division Superintendent

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
REHIYON VII, GITNANG VISAYAS
REGION VII, CENTRAL VISAYAS
Sudlon, Lahug, Cebu City

MAY 2 3 2018

**REGIONAL MEMORANDUM**
No. 0378, s. 2018

**6TH DIWANG: SAGISAG KULTURA COMPETITION AND FESTIVAL**

To: Schools Division Superintendents
Public Elementary and Secondary School Heads
All Others Concerned

1. Attached is a communication from the National Commission for Culture and the Arts (NCCA) with reference to Regional Memorandum No. 0171, s. 2018, on the series of events for the 6th Diwang: Sagisag Kultura Competition and Festival from April to September 2018.

2. For details, refer to the attached communication, program, guidelines, and enclosures.

3. Immediate dissemination of and compliance with this Memorandum is directed.

JULIET A. JERUTA, Ph D., CESO IV
Director III
Officer-in Charge

JAJ/FYA/EBEJr/jpo
CLMD '18

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
REHIYON VII, GITNANG VISAYAS
REGION VII, CENTRAL VISAYAS
Sudlon, Lahug, Cebu City

FEB 27 2018

REGIONAL MEMORANDUM
No 0171, s. 2018

**PHILIPPINE CULTURAL EDUCATION PROGRAM: 2018 PROGRAM COMPONENTS**

To: Schools Division Superintendents

1. Attached is DepEd Memorandum No. 016, s. 2018 entitled, "Philippine Cultural Education Program: 2018 Program Components", which is self-explanatory.

2. For details, refer to the attached DepEd Memorandum and enclosures.

3. Wide and immediate dissemination of this Memorandum is directed.

**JULIET A. JERUTA, PH.D.,CESO IV**
Director III
Officer-in-Charge

JAJ/STJ/EBEJ/jpo
CLMD'18

NCCA

# 6TH DIWANG

## Sagisag Kultura Competition and Festival

**PAMBANSANG BALAGTASAN**

**DOKYU KULTURA**

**LARO NG LAHI**

**ARTS & CRAFTS COMPETITION**

**DIGITAL KWIZ**

**AUGUST**

**2-3** LUZON North: CAR, 1, 2, 3 (Bulacan)
**9-10** LUZON South: NCR, 4a. 4b, 5 (Laguna)
**16-17** MINDANAO: ARMM, 11, 13 (Davao City)
**23-24** MINDANAO: 12, 9, 10, (Cagayan de Oro)
**30-31** VISAYAS: 6, 7, 8 (Cebu)

**FINALS | 24 SEPTEMBER 2018**

**CONTACT DETAILS**

**PCEP SECRETARIAT**
Room 5D 5/F #633 Gen. Luna Street, Intramuros Manila
Tel: (02) 527-2192 loc 529
Email: pcep.secretariat@gmail.com
@pcepofficial


NCCA
6TH
DIWANG
Sagisag Kultura Competition and Festival
DOKYU KULTURA
SEE GUIDELINES FOR DETAILS

# 6TH DIWANG
Sagisag Kultura Competition and Festival

# DOKYU KULTURA

Ang **Dokyu Kultura** ay ang unang Filipino kontes para sa malikhaing dokumentaryo ng kulturang Filipino, kuwentong bayan, pamana ng lahi at kasaysayan bilang mga paksa ng maiklang pelikulang dokumentasyon. Ang dokumentaryong pelikulang ito ay naglalayong magtaguyod sa mga katutubong Filipino, mga tradisyon, mga sistema ng kaalaman sa kultura, mga ritwal, mga sagisag kultura, mga palabas at upang magpakita kung paano sila umunlad o nanganganib sa ating kontemporaryong mundo.

## MGA TAGUBILIN:

- Ang Dokyu Kultura ay bukas sa lahat ng dati at bagong Graduate Diploma in Cultural Education (GDCE) at Graduate Diploma in Teaching Arts (GDTA) scholars. Maaaring magsubmit ang grupo o indibidwal. Ang group Entries ay dapat may isang opisyal na kinatawan;
- Maaari lamang mag sumite ng isang entry ang bawat scholar (grupo o indibidwal);
- Maaari lamang kumuha ng mga propesyonal bilang gabay o tagapagpayo;
- Dapat maglaman ang dokumentasyon ng kulturang Filipino, Kuwentong bayan, Pamana ng Lahi at Kasaysayan;
- Dapat ay 5 minuto hanggang 10 minuto lamang ang dokumentasyon kasama ang opening montage, title sequence at end credits;
- Ang mga naratibo ay dapat nasa Filipino. Ang ibang lokal o foreign na wika ay dapat naka subtitles in Filipino.
- Ang lahat ng graphics, images, music ay dapat orihinal ng gumawa ng dokumentasyon o kailangang humingi ng opisyal na pahintulot. Dapat magsumite ng certificate of authorization para magamit ang copyrighted material sa dokumentasyon;
- Ang Entry ay hindi pa at hindi dapat na upload online bago ang kompetisyon;
- Mga dapat isumite sa PCEP:
  a. Kompletong application form na makukuha sa PCEP website (http://ncca.gov.ph/philippine-cultural- education-program- pcep/);
  b. 300 -Salita ng synopsis;
  c. Isumite ang dokumentasyon sa dalawang USB's gamit ang format na.mp4.
- Dapat na ibalot ng maayos ang Entry bago ipadala sa NCCA. Ang NCCA-PCEP ay hindi na ibabalik ang ipinadalang entry;
- Ang pagsasabmit ng entry ay nangangahulugan ng pagsang-ayon sa mga tagubilin ng PCEP;
- Kung hindi kompleto ang mga dokumentasyon at mga dapat isumite para maging kalahok, hindi ibibilang ang lahok sa proseso ng pagpili;
- Opisyal na ibabalita ang mga napiling finalist sa mga piling social media sites at opisyal na padadalhan ng abisong sulat ang magwawagi.

## PAMANTAYAN

Kahalagahang Pang Edukasyon **25%**
Kaugnayan sa Komunidad **25%**
Bisa bilang isang materyal sa silid-aralan **25%**
Teknikal na kalidad at pagkamalikhain **25%**

## 3 MAJOR AWARDS
PHP 10,000 each

**IPADALA ANG LAHOK SA:**
Ang lahat ng naratibong kailangan ay ilagay sa isang brown envelope at ipadala sa koreo o dalhin ng personal kay:

**JOSEPH "SONNY" CRISTOBAL**
**Director, PCEP**

National Commission for Culture and the Arts
PHILIPPINE CULTURAL EDUCATION PROGRAM
Unit 5D 5/F #633 Gen. Luna Street, Intramuros, Manila | T: (02) 527-2192 local 529

Ang dedlayn sa pagsusumite ng lahok ay sa
**4 HUNYO 2018**

# 6th DIWANG: SAGISAG KULTURA COMPETITION AND FESTIVAL

## APPLICATION FORM

| DOKYU KULTURA |
|---|
| **Title of Film:** |
| **Name of Film Maker or Official Representative:** |
| **Address:** |
| **Contact Details:**<br><br>**Mobile Number:**________________________<br><br>**Email Address:** ________________________ |
| **Camera/s used to shoot the film:** |
| **Running Time:** |

CONTEST SUBMISSION RELEASE

I/We have read and understand all of the rules and regulations for the 2018 Dokyu Kultura.

I/We warrant the submission is my/our original work and there are no disputes regarding the ownership of the submission.

I/We also warrant the submitted material does not defame or invade the rights of any person living or dead, and I/we fully indemnify the Contest against any claim made for such violations of law.

I/We understand that failure to adhere to the Contest rules and regulations will result in disqualification.

I/We agree to hold the NCCA-PCEP Dokyu Kultura contest harmless from and defend them against all claims, demands, losses, costs, damages, judgments, liabilities and expenses (including attorney's fees) arising out of or in connection with any and all claims of third parties, whether or not groundless, based on any screenplay submitted to the Contest or on any film developed out of such submissions.

To the best of my/our knowledge, all statements herein are true and correct.

________________________
NAME AND SIGNATURE

________________________
DATE

NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS
**Philippine Cultural Education Program**

# 6th DIWANG: Sagisag Kultura Competition and Festival

## PROGRAM DESIGN

| | |
|---|---|
| **Project Title:** | 6th Diwang: Sagisag Kultura Competition and Festival |
| In partnership with: | BKFI, DepEd |
| Implementation Date: | June – September 24, 2018 |
| Board Resolution Number | 2018 – 228 |
| DepEd Memo | 2018-016 |

COMPONENTS:

1. Pambansang Balagtasan
2. Dokyu Kultura: Culture Based Media Documentation Competition for GDCE & TA Scholars)
3. Laro ng Lahi
4. Arts and Crafts Creative Competition
5. Digital Kwiz

**ANG PROYEKTO:**

Ang 6th DIWANG: SAGISAG KULTURA COMPETITION AND FESTIVAL ay isang *institutional flagship project* ng NCCA Sub-Commission on Cultural Dissemination – kasama nito ang Lupon ng Communication, Cultural Education, and Language and Translation. Laman ng proyektong ito ang mga programang magpapakilala, magpapahalaga at magpapalaganap ng mga imahen at sagisag kultura ng Filipinas upang maging laman ng kamulatan at diwa ng lahat ng Filipino na magiging hulmahan ng kaniyang identidad bilang lahi.

Ginanap ang 1st DIWANG noong 2013 sa 17-Rehiyon na may kategoryang RAP Contest para sa elementary, Kwiz para sa high school at Lesson Exemplar Contest para sa mga guro. Nagkaroon ito ng regional elimination at 3 sub-island cluster level at ang mga napili ay silang naglaban sa final round na ginanap sa Malolos, Bulacan. Ang 2nd DIWANG ay ginanap noong 2014, nilaman nito ang 5-kategorya: kwiz para sa elementary at high school, Lesson Exemplar para sa mga guro, Local SK Exhibition para sa mga Schools / HEI's partners, Sagisag Kulturang Filipino Award para sa media at LGUs, at pagkilala sa mga DepEd Regional Diwang Coordinators na may mahusay na naging paghahanda sa nakalipas na 2 taon. Ginanap sa 17-Rehiyon ang mga eliminasyon, at nagkaroon ng 5 –sub-island level na silang naglaban sa final round na ginanap sa Koronadal South Cotabato. Ang 3rd DIWANG ay paper and pen / simultaneous examination sa 3 sub island Luzon, Visayas at Mindanao na may 200 kalahok ang 17-regions ng DepEd at nilahukan ng mga estudyante mula sa private at public schools ng Grade 7 at 8. Ginanap ang Finale sa Bayview Park Hotel noong September 30, 2015 na dinaluhan ng 17- kalahok galling sa 17 rehiyon. Ang 4th DIWANG ay Kwiz para sa Grade 7-10, ang Children Song Writing and Performance na binubuo ng 3 mag-aaral mula sa Grade 7-10, at ang SK Dissemination Contest para sa mga Regional DepEd Offices. Ang 5th DIWANG ay binubuo ng Kwiz para sa Grade 5-10, Paglikha at Pagtatanghal ng Musika, Dokyu Kultura, at Leksiyong Nakabatay sa Kultura.

Sa nakalipas na limang taon, direkta itong pinamamahalaan ng Sub-Commission on Cultural Dissemination. Ang ika-6 na Diwang ay binigyan ng bagong bihis ng mga bagong miyembro ng TWG mula din sa Sub-Commission kasama ang iba pang piling eksperto sa Edukasyong Kultural sa pamamahala ng PCEP.

**TECHNICAL WORKING GROUP FOR 6$^{TH}$ DIWANG:**

National Artist Virgilio Senadren Almario
Chairman, NCCA

Joseph J. Cristobal
PCEP Director

Orlando B. Magno, Ph.D.
Commissioner for Cultural Dissemination / Head
Head, National Committee on Cultural Education

Ricardo C. Juliano
Vice-Head
Head, National Committee on Communication

Michael M. Coroza, Ph.D.
Secretary
Puno, Pambansang Komite sa Wika at Salin

**LAYUNIN NG PROYEKTO:**

1. Maipakilala sa maraming guro at mag-aaral ang sagisag kultura ng Filipinas sa pamamagitan ng paligsahan sa pagsusulit at pagtatanghal;
2. Maipalaganap ang pagtuturo ng sagisag kultura ng Filipinas sa pamamagitan ng paligsahan na tatahakin ang mga larang Filipino, English, Math, Science, Social Studies, Values Education, Arts/Music, TLE at PE/Health;
3. Maisangkot ang mas maraming bilang ng magaaral at mamamayan sa buong kapuluan sa isang pagsusulit tungkol sa sagisag kultura ng Filipinas at makabuo ng mga piyesa ng balagtasan na tumatalakay sa mga napapanahong isyu ;
4. Makapag-organisa ng pambansang balagtasan;
5. Makapagtampok ng dokyu kultura: culture based media documentation competition for gdce & ta scholars);
6. Makapag sagawa ng laro ng lahi;
7. Makapagpatanghal ng masining at modernong pagtatampok sa arts and crafts ng mga sagisag kultra; at
8. Makapagsagawa ng malawakang kwiz tungkol sa sagisag kultura.

**METODOLOHIYA:**

Ang 6th Diwang: Sagisag Kultura Competition and Festival ay pambansang tagisan tungkol sa pagkilala sa mga Sagisag Kultura ng Filipino para sa mga mag-aaral sa Basic Education mula sa pampublikong paaralan sa labing-pitong (17) Rehiyon.

Ngayon 2018, sa 6th DIWANG Competition may 5 Komponents:

| KOMPONENT | KALAHOK | ELIMINASYON | PREMYO | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Island cluster | FINALS Sept 24, 2018 |
| PAMBANSANG BALAGTASAN | DepEd HS Students<br>3 pax per group | Island Clusters:<br><br>MINDANAO: ARMM, 11, 13<br>MINDANAO: 12, 9, 10,<br>VISAYAS: 6, 7, 8<br>LUZON South: NCR, 4a. 4b, 5,<br>LUZON North: CAR, 1, 2, 3 | <br><br>Rep P5k<br>Rep P5k<br>Rep P5k<br>Rep P5k<br>Rep P5k | 1st P20K<br>2nd P15K<br>3rd P10K<br>P5K (x2) |
| LARO NG LAHI | 1-HS-student only na kayang laruin ang mga sumusunod:<br>✓ Siyatong<br>✓ Luksong tinik /baka<br>✓ Luksong lubid<br>✓ Sipa<br>✓ Trumpo<br>✓ palosebo | Island Clusters:<br><br>MINDANAO: ARMM, 11, 13<br>MINDANAO: 12, 9, 10,<br>VISAYAS: 6, 7, 8<br>LUZON South: NCR, 4a. 4b, 5,<br>LUZON North: CAR, 1, 2, 3 | <br><br>Rep P2k<br>Rep P2k<br>Rep P2k<br>Rep P2k<br>Rep P2k | 1st Gold P20K<br>2nd Silver P15k<br>3rd Bronze P10k<br>P5k (x2) |
| ARTS AND CRAFTS ICON SHOWCASE | LGU – Cultural Officers in partnerships with DepEd Offices/Division<br><br>- max 3 pax participant<br>- bukas sa lahat ng artisans, craftspeople, at designer | Island Clusters:<br><br>MINDANAO: ARMM, 11, 13<br>MINDANAO: 12, 9, 10,<br>VISAYAS: 6, 7, 8<br>LUZON South: NCR, 4a. 4b, 5,<br>LUZON North: CAR, 1, 2, 3 | <br><br>Rep P5k<br>Rep P5k<br>Rep P5k<br>Rep P5k<br>Rep P5k | 1st P20K<br>2nd P15K<br>3rd P10K<br>P5K (x2) |
| DIGITAL KWIZ | Grade 4 – 10 public students | Island Clusters:<br><br>MINDANAO: ARMM, 11, 13<br>MINDANAO: 12, 9, 10,<br>VISAYAS: 6, 7, 8<br>LUZON South: NCR, 4a. 4b, 5,<br>LUZON North: CAR, 1, 2, 3 | <br><br>Rep P2k<br>Rep P2k<br>Rep P2k<br>Rep P2k<br>Rep P2k | 1st P20K<br>2nd P15K<br>3rd P10K<br>P5K (x2) |
| DOKYU KULTURA | Open to all former and current GDCE and GDTA scholars | National Elimination | 3 major Awards<br>P10k cash each | |

**SKEDYUL:**

| | | BALAGTASAN | LARO | SHOWcase | KWIZ | DOKU |
|---|---|---|---|---|---|---|
| April | | Information dissemination & Conceptualization | | | | |
| | | | | | | |
| May | | Review of SK and Training | | | | |
| | | | | | | |
| June | 4 | | | | | Final submission of entry |
| July | 2-3 | Division's elimination (selection of Regional Representative) | | | | |
| | | ISLAND CLUSTER | | | | |
| | | Island Cluster Contest PROGRAM:<br>Day 1 – 7:00-9:00 am LARO NG LAHI Elimination<br>9:00-10:00 am Lecture/workshop on Balagtasan<br>10:00-12:00 nn SHOWcase<br>1:00-2:00 KWIZ<br>2:00-5:00 BALAGTASAN<br>Day 2 – 9:00 am final meeting with Island Cluster Rep for Final Round | | | | |
| Aug | 2-3 | LUZON North: CAR, 1, 2, 3 (Bulacan) | | | | |
| | 9-10 | LUZON South: NCR, 4a. 4b, 5 (Laguna) | | | | |
| | 16-17 | MINDANAO: ARMM, 11, 13 (Davao City) | | | | |
| | 23-24 | MINDANAO: 12, 9, 10, (Cagayan de Oro) | | | | |
| | 30-31 | VISAYAS: 6, 7, 8 (Cebu) | | | | |
| Aug | 3 | | | | | 1st elimination |
| | 10 | | | | | Screening 1 |
| | 17 | | | | | Screening 2 |
| Sep | 24 | Final Level PROGRAM:<br>6:00-8:00 am LARO NG LAHI<br>9:00-10:30 am KWIZ<br>11:00-12 nn ShowCase<br>1:00-3:00 pm PAMBANSANG BALAGTASAN<br>3:30-4:00 pm DOKU Finalist Viewing<br>4:00-5:00 pm AWARDING | | | | Awarding |

**Pangkalahatang Tagubilin:**

Gampaning opisyal ng DepEd Regional COORDINATOR na nakatukoy sa DepEd Memo 2018-016 ang mga sumusunod:

i. Ipakilala, ipalaganap at isangkot ang lahat ng mag-aaral sa kanilang rehiyon sa gawaing ito ng Sagisag Kultura ng Filipinas

ii. Magsagawa ng sapat na komunikasyon o LOCAL MEMO kaugnay ng DM#2018-016 sa mga nasasakop na mga Division para sa legalidad at aktibo nilang pakikilahok

iii. Magproposed sa Local DepEd Offices ng pondo para sa mga gastusin ng lalahok sa mga gawain nakalista (Rehiyonal, Island Cluster at National)

iv. Lokal na gastos ng mga opisyal at mga kalahok na Division o Region ang pagpunta sa Island Cluster event (pamasahe, pagkain, tulugan, atbp)

v. Mag HOST ng Division, Rehiyonal rounds para sa mga kategoryang BALAGTASAN, LARO NG LAHI, at KWIZ, pakikipag partner sa LGU para sa 'SHOWcase' na kategorya;

vi. Ang Coordinator ay magsusumite ng opisyal na listahan ng lalahok sa Island Cluster Level.

vii. Regular na makipag ugnayan sa PCEP.

viii. Mayroong **Island Cluster Rounds** para sa Balagtasan, Laro ng Lahi, SHOWcase, at KWIZ. Ang ISLAND CLUSTER na hatian ng rehiyon ay ang mga sumusunod;

1. MINDANAO: ARMM, 11, 13
2. MINDANAO: 12, 9, 10,
3. VISAYAS: 6, 7, 8
4. LUZON South: NCR, 4a. 4b, 5,
5. LUZON North: CAR, 1, 2, 3

ix. Mayroong **Island Cluster <u>HOST</u> Division**, sila ang:

1. DAVAO CITY para sa island cluster ARMM, R11, R13
2. CAGAYAN DE ORO CITY para sa island cluster R12, R9, R10,
3. CEBU CITY para sa island cluster R6, R7, R8
4. LAGUNA (in Calamba) para sa island cluster NCR, 4a. 4b, R5,
5. BULACAN (in Malolos) para sa island cluster CAR, 1, 2, 3

x. Sa Island Cluster Round ay pipili lamang ng isa (1) na kakatawan sa kategorya ng Balagtasan, Larong Lahi, SHOWcase, at KWIZ.

xi. Sa Final Round ay 5-lamang ang maglalaban sa bawat kategoryang Balagtasan, Larong Lahi, SHOWcase, at KWIZ. May kanya kanyang criteria, rules at regulations.

xii. Dapat may isang (1) coach/teacher sa bawat kategoryang sasalihan, maging ito maan ay island cluster round o final round – responsibilidad nilang siguraduhin ang seguridad ng kalahok na estudyante, walang kinalaman ang PCEP sa kung ano mang pagpapabaya ng bata at ng ccoach/teacher.

xiii. Ang mga coordinators sa rehiyon ang mamamahala sa buong paligsahan mula sa Division hangang sa Island Cluster level.

xiv. Ang mga rehiyon na magwawagi sa island cluster ay kuwalipikadong pupunta sa FINAL ROUND na gaganapin sa ______________________.

xv. RESPONSIBILIDAD NG PCEP:

a. Mamahala at magdesisyon sa lahat ng aspekto ng programa
b. Organisahin ang ISLAND CLUSTER PROGRAM
c. Kumuha ng mga hurado
d. Magbigay ng mga sertipiko at premyo
e. Sa FINAL ROUND ay sasagutin ang pamasahe, tulugan, at pagkain ng lahat ng OPISYAL na kalahok:

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Balagtasan | 3 bata + 1 Coach/Teacher |
| 2. | Laro ng Lahi | 1 bata + 1 Coach/Teacher |
| 3. | Kwiz | 1 bata + 1 Coach/Teacher |
| 4. | SHOWcase | max of 3 presenters |
| 5. | DOKU | 1 kinatawan (Finalist only) |

**Mga Deskripsiyon ng Komponent:**

- **KOMPONENT 1: Pambansang BALAGTASAN**

Ang balagtasan ay isang anyo ng debate sa paraang patula. Ito ay isa sa mga pangunahing anyo ng panulaan na umusbong at lumaganap sa mga unang dekada ng siglo 20. Tampok dito ang dalawang mambabalagtas na kumakatawan sa magkabilang panig ng isang paksa, at ang isang tagapamagitan na tinatawag na Lakandiwa. Karaniwang pinagtatalunan ang mga pang-araw-araw na paksa hanggang sa mga usaping pambansa at pandaigdig.

Layunin ng paligsahang ito na:

a. Makatulong sa pagpapasigla ng isang anyo ng panitikang Pilipino;
b. Maipakilala sa mga estudyanteng Filipino ang isang pamanang pampanitikan;
c. Makabuo ng mga piyesa ng balagtasan na tumatalakay sa mga napapanahong isyu; at
d. Maitanghal ang mga piyesa ng balagtasan sa publiko.

A. Pagdaraos ng Pansangay at Rehiyonal na Balagtasan

1. Ang sangay/dibisyon ang mamamahala sa paligsahan sa Pansangay at Rehiyonal na Balagtasan
2. Ang rehiyon ang kukuha ng mga hurado para sa paligsahan
3. Ang rehiyon ang magkakaloob ng mga sertipiko sa mga kalahok at mananalo
4. Ang gastusin para sa transportasyon at akomodasyon ng mga kalahok ay manggagaling sa pondong local
5. Ang mananalo sa Rehiyonal na Balagtasan ang lalahok sa Magkakasamang Rehiyon (Regional Cluster) na Balagtasan

B. Pagdaraos ng Paligsahan sa Level ng Pinagsamang mga Rehiyon

1. Pagpapangkatin ang 17 rehiyon sa limang pangkat:

MINDANAO: ARMM, 11, 13
MINDANAO: 12, 9, 10,
VISAYAS: 6, 7, 8
LUZON South: NCR, 4a. 4b, 5,
LUZON North: CAR, 1, 2, 3

**Patnubay sa Paglahok**

1. Bukas ang balagtasan sa lahat ng mga mag-aaral sa pampublikong hayskul (Grade 7-12)
2. Bawat pangkat ng kalahok ay may apat na kasapi: dalawang mambabalagtas, isang lakandiwa, isang tagapayo/tagapagsanay.
3. Ang pangkat ang siyang inaasahang susulat ng kanilang piyesa na tatalakay sa sumusunod na paksa:

   a. Sino ang dapat magturo ng halagahan (values) sa mga bata, ang pamilya o ang paaralan?

   b. Ano ang higit na dapat ituro sa mga bata, ang katutubong sayaw o modernong sayaw?

   c. Dapat ba o hindi dapat hayaan ang mga batang gumamit ng internet?

4. Bawat piyesa ay inaasahang sumusunod sa ganitong daloy:
   1. Pagsisimula ng lakandiwa

2. Unang tindig ng mambabalagtas 1
3. Unang tugon ng mambabalagtas 2
4. Ikalawang tindig ng mambabalagtas 1
5. Ikalawang tugon ng mambabalagtas 2
6. Ikatlong tindig ng mambabalagtas 1
7. Ikatlong tindig ng mambabalagtas 2
8. Paglalagom ng mambabalagtas 1
9. Paglalagom ng mambabalagtas 2
10. Pagtatapos ng lakandiwa

5. Maaring lumihis nang kaunti sa daloy na ito sa pamamagitan ng mga maiikling pagsingit ng lakandiwa at iba pang kugnay na dagdag na sangkap, subalit inaasahang susundin ang nabanggit na daloy.

   a. Bawat Pangkat ay mayroong 20 – 30 minuto para sa pagtatahanghal.
   b. Ang piyesa ay susulatin ayon sa mga kumbensyon ng tradisyonal na tula (may sukat at tugma).
   c. May tatlong antas ang paligsahan: panrehiyon, magkakasamang rehiyon, at pambansa.

**PAMANTAYAN**

| | | |
|---|---|---|
| **1. Piyesa** | | **= 50%** |
| a. Paglinang sa paksa / husay ng katwiran | =30% | |
| b. Pagtatagpo ng katwiran | =20% | |
| **2. Pagbigkas** | | **=50%** |
| a. Linaw sa pagbigkas | =15% | |
| b. Pagsaulado ng Piyesa | =15% | |
| c. Tindig sa Entablado | =15% | |
| d. Kasuotan | =5% | |

➢ **KOMPONENT 2: DOKYU Kultura**

DOKYU KULTURA – a culture-based documentary film competition

Ang Dokyu Kultura ay ang unang Filipino kontes para sa malikhaing dokumentaryo ng kulturang Filipino, kuwentong bayan, pamana ng lahi at kasaysayan bilang mga paksa ng mala pelikulang dokumentasyon. Ang dokumentaryong pelikulang ito ay naglalayong magtaguyod sa mga katutubong Filipino, mga tradisyon, mga sistema ng kaalaman sa kultura, mga ritwal, mga sagisag kultura, mga palabas at upang magpakita kung paano sila umunlad o nanganganib sa ating kontemporaryong mundo.

**Mga Tagubilin:**

1. Ang Dokyu Kultura ay bukas sa lahat ng dati at bagong Graduate Diploma in Cultural Education (GDCE) at Graduate Diploma in Teaching Arts (GDTA) scholars. Maaaring magsubmit ang grupo o indibidwal. Ang group Entries ay dapat may isang opisyal na kinatawan;
2. Maaari lamang mag sumite ng isang entry ang bawat scholar (grupo o indibidwal);
3. Maaari lamang kumuha ng mga propesyonal bilang gabay o tagapagpayo;
4. Dapat maglaman ang dokumentasyon ng kulturang Filipino, Kuwentong bayan, Pamana ng Lahi at Kasaysayan;

5. Dapat ay 5 minuto hanggang 10 minuto lamang ang dokumentasyon kasama ang opening montage, title sequence at end credits:
6. Ang mga naratibo ay dapat nasa Filipino. Ang ibang lokal o foreign na wika ay dapat naka subtitles in Filipino.
7. Ang lahat ng graphics, images, music ay dapat orihinal ng gumawa ng dokumentasyon o kailangang humingi ng opisyal na pahintulot. Dapat magsumite ng certificate of authorization para magamit ang copyrighted material sa dokumentasyon;
8. Ang Entry ay hindi pa at hindi dapat na upload online bago ang kompetisyon;
9. Mga dapat isumite sa PCEP:
   a. Kompletong application form na makukuha sa PCEP website (https://philippineculturaleducation.com.ph);
   b. 300 -Salita ng synopsis;
   c. Isumite ang dokumentasyon sa two USB's gamit ang format na.mp4.
10. Dapat na ibalot ng maayos ang Entry bago ipadala sa NCCA. Ang NCCA-PCEP ay hindi na ibabalik ang ipinadalang entry;
11. Ang pagsasabmit ng entry ay nangangahulugan ng pagsang-ayon sa mga tagubilin ng PCEP;
12. Kung hindi kompleto ang mga dokumentasyon at mga dapat isumite para maging kalahok, hindi ibibilang ang lahok sa proseso ng pagpili;
13. Opisyal na ibabalita ang mga napiling finalist sa mga piling social media sites at opisyal na padadalhan ng abisong sulat ang magwawagi.
14. Ang dedlayn sa pagsusumite ng lahok ay sa 4 Hunyo 2018

**Pamantayan**

1. kahalagahang pang edukasyon – 25%
2. kaugnayan sa komunidad – 25%
3. Bisa bilang isang materyal sa silid-aralan – 25%
4. Teknikal na kalidad at pagkamalikhain – 25%

**IPADALA ANG LAHOK SA**

Ang lahat ng nasabing kailangan ay ilagay sa isang brown envelope at ipadala sa koreo o dalhin ng personal kay:

*JOSEPH "SONNY" CRISTOBAL*
*Director, PCEP*
*National Commission for Culture & the Arts*
*PHILIPPINE CULTURAL EDUCATION PROGRAM*
*Unit 5D 5/F #633 Gen. Luna Street, Intramuros, Manila*
*TL (02) 527-2192 local 529*

➢ **KOMPONENT 3: LARO ng LAHI**

Nilalayon ng proyekto na itaguyod ang mga Sagisag Kultura ng bansa sa pamamagitan ng mga laro. Ang aktibidad na ito ay hihikayat din ang mga guro na ipagpatuloy ang diwa ng laro ng lahi sa kanilang mga estudyante. Ito ay magkakaloob din ng mga pisikal na aktibidad at magbibigay daan makipag-ugnayan sa iba pang mga kalahok.


Isahan lamang ang lahat ng laro. Bawat rehiyon ay may isa lamang kinatawan upang laruin ang mga sumusunod:


**MGA LARO**

1. Siyatong
2. Luksong tinik /baka
3. Sipa
4. Trumpo


5. Palosebo

## LARONG SIYATONG





## LARONG LUKSONG TINIK




**LARONG SIPA**



**LARONG TRUMPO**




**LARONG PALOSEBO**



**MEKANISMO**

1. May komite na mamamahala dito at ang lahat ng desisyon ng komite ay ituturing na pinal na desisyon;

2. Ang larong ito ay ipagkakaloob lamang sa mga lalaking nasa Grade 8-10;

3. Dapat siyang mag sumite ng sertipikasyon mula sa doctor na nasa maayos na kondisyon ang kanyang katawan at kaya niyang laruin ng mga nasabing laro;

4. Dapat lumahok sa lahat ng aktibidad na gagawin sa palaro ang lalahok – may mga inobasyong gagawin ang Lupon sa aktuwal na palaro kaya hindi naka depende ang rules at mechanics sa mga naka publish sa aklat o iba pa. Ang pinal na rules at mechanics ng laro ay ibibigay lamang sa aktuwal na palaro. Mayroon din itatalagang referee bukod sa may hurado;

5. Ang KAMPIYON ay idedeklara pagkatapos niyang masalihan ang lahat ng laro na nakalista: Siyatong, Luksong tinik /baka, Sipa, Trumpo, at Palosebo.

- **KOMPONENT 4: SHOWcase: Arts and Crafts Creative Competition**

Ang SHOWcase: Arts and Crafts Creative Competition ay isang **pagtatanghal (performance)** na hindc lalagpas sa 7 minuto ang presentasyon. Maaaring nasa anyo itong exhibition, tv commercial, installation work, computer graphics, o ano mang masining na pagSHOWcase ng ISAng craft (cultural icon na craft) ng IYONG rehiyon.

Ang kategoryang ito ay inilaan para sa **LGU Cultural o Tourism Office** kasama ang mga tanggapan ng DepEd, lalo na kung mayroon silang School of Living Traditions (SLT) o Espesyal na programa para sa Sining (SPA).

Ito ay isang product branding, pag-promote, at pagpapakita ng sagisag kultura icon bilang isang produkto. Ang kumpetisyon ay naglalayong makilala ang mga pinakamahusay na ideya at konsepto sa pagbabago ng kanilang lokal na produkto / icon. Ang kompetisyon ay magtataguyod ng lokal na talento, pagkakayari, sining, at gawaing pangkomunidad.

Ang kumpetisyon ay hindi nahahati sa iba't ibang arts & craft – isa lamang ang itatampok. Ang paligsahan ay bukas sa lahat ng artisans, craftspeople, at designer.

**Mga Tagubilin:**

1. Kumpletong application form na may orihinal na lagda;
2. USB na naglalaman ng mga sumusunod:
   - Larawan at 3 minutong video dokumentasyon ng iyong produkto. Ang mga larawan at video ay dapat nagpapakita ng proseso / pamamaraan.
   - Maikling video ng gagawing pagtatanghal.
3. Impormasyon ng produkto o brochure. Dapat maglaman ng makatuturang impormasyon tulad ng konsepto, kasaysayan, paglalarawan, mga materyales, sukat, artist, uri, pamagat, atbp; at
4. Ilagay sa brown envelope at ipadala sa mga nakatalagang Regional PCEP DepEd Coordinator.


**MEKANIKANISMO**


Maaaring magsumite ng mga entry bilang indibidwal o grupo / komunidad Makipag ugnayan sa Regional Deped Coordinator para sa deadline ng pag sumite ng entry.


Ang maaari lamang magtanghal ay 1 hanggang 3 tao bawat kalahok/grupo. Maaaring indibidwal lamang per region.

Ang mga entry ay hahatulan batay sa pagkamalikhain, pagka-orihinal, production technique, at artistikong kalidad ng pagtatanghal.

Karapatan ng Paggamit: Ang mga nanalo ay nagbibigay ng karapatan sa NCCA-PCEP upang i-publish ang kanilang mga isinumiteng larawan sa opisyal na website ng PCEP at Facebook.





- **KOMPONENT 5: DIGITAL KWIZ**
  1. Para sa estudyante na nasa Grade 4 - 10 na maaaring lahukan ng mag-aaral sa pampublikong paaralan.
  2. May tatlong antas ang paligsahan: panrehiyonal, magkakasamang rehiyon at pambansa.
  3. Paglulunsad ng division at regional contest na pamamahalaan ng mga Regional Coordinators upang piliin ang lalahok sa island cluster na kwiz. Bawat rehiyon ay inaasahang may 1-Regional Kwiz representative kasama ang isang (1) Coach.
  4. Pagdaraos ng Island Cluster
     Pagpapangkatin ang 17 rehiyon sa limang pangkat:
     MINDANAO: ARMM, 11, 13
     MINDANAO: 12, 9, 10,
     VISAYAS: 6, 7, 8
     LUZON South: NCR, 4a. 4b, 5,
     LUZON North: CAR, 1, 2, 3
     Ang mananalo sa island cluster kwiz ang lalahok sa Final Contest na gaganapin sa September 24, 2017 sa ________________.
  5. Sa Finals ay makatatangap ng P20,000 ang 1st Place, P15,000-para sa 2nd Place at P10,000 para sa 3rd Place at may P5,000 para sa 4th at 5th Place.

# 6th DIWANG: SAGISAG KULTURA COMPETITION AND FESTIVAL

APPLICATION FORM

| ARTS AND CRAFTS CREATIVE COMPETITION |
|---|
| **Full Name or Name of Organization:** |
| **Official Representative (if organization):** |
| **Address:** |
| **Contact Details:**<br>**Mobile Number:**____________________<br>**Email Address:** ____________________ |
| **Region:** |
| **Name of Product:** |

CONTEST SUBMISSION RELEASE

I/We have read and understand all of the rules and regulations for the 2018 Arts and Crafts Creative Competition.

I/We warrant the submission is my/our original work and there are no disputes regarding the ownership of the submission.

I/We also warrant the submitted material does not defame or invade the rights of any person living or dead, and I/we fully indemnify the Contest against any claim made for such violations of law.

I/We understand that failure to adhere to the Contest rules and regulations will result in disqualification.

I/We agree to hold the NCCA-PCEP harmless from and defend them against all claims, demands, losses, costs, damages, judgments, liabilities and expenses (including attorney's fees) arising out of the submitted product.

To the best of my/our knowledge, all statements herein are true and correct.

____________________ ____________________

NAME AND SIGNATURE DATE